RESOLUSYON BLG. 9178

ISANG RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNSOD NG LUNSOD NG MILPITAS, CALIFORNIA, NA NAGSUSUMITE SA MGA KARAPAT-DAPAT NA BOTANTE NG LUNSOD NG MILPITAS NG ISANG PANUKALANG MAGSUSUSOG SA KABANATA 400 (MGA LIMITASYON SA TERMINO NG ALKALDE AT KONSEHO) NG TITULO 1 (PANGANGASIWA) NG KODIGONG MUNISIPAL NG MILPITAS UPANG SUSUGAN ANG MGA LIMITASYON SA TERMINO NG SERBISYO NG ALKALDE AT MIYEMBRO NG KONSEHO NG LUNSOD, SA ISANG PANGKALAHATANG HALALANG MUNISIPAL NA ISASAMA SA PANGKALAHATANG HALALAN SA BUONG ESTADO NA GAGANAPIN SA NOBYEMBRE 8, 2022, AT PAGTATAKDA NG MGA PANUNTUNAN PARA SA MGA ARGUMENTO AT SAGOT PARA SA AT LABAN SA NATURANG PANUKALA

YAMANG, ang Lunsod ng Milpitas ay papamahalaan ng inihalal na Konseho ng Lunsod na binubuo ng hiwalay na inihalal na Alkalde na kasalukuyang naglilingkod sa dalawang taong termino at apat na Miyembro ng Konseho ng Lunsod na kasalukuyang naglilingkod sa apat na termino; at

YAMANG, ang Alkalde at mga Miyembro ng Konseho ng Lunsod ay pangkalahatang ihahalal sa Nobyembre ng mga taong may even na numero; at

YAMANG, ang Kodigong Munisipal ng Milpitas ay kasalukuyang nagtatakda ng mga sumusunod na limitasyon sa termino ng serbisyo ng Alkalde at Konseho ng Lunsod:

- Pinagsama-samang tatlong magkakasunod na termino ng panunungkulan sa kabuuan na naglilingkod bilang Alkalde o bilang Miyembro ng Konseho; gayunpaman

- Kung ang isang Miyembro ng Konseho ay inihalal na Alkalde o ang Alkalde ay inihalal bilang Miyembro ng Konseho, ang opisyal ay maaaring maglingkod sa pinagsama-samang apat na magkakasunod na termino ng panunungkulan sa kabuuan; at

- Kapag naabot na ng inihalal na opisyal ang kanyang kaukulang limitasyon sa termino, hindi siya maaaring maglingkod sa katungkulan na iyon sa loob ng “panahon ng pahinga” na hindi bababa sa dalawang taon at pagkatapos ay maaari siyang maglingkod muli sa inihahalal na katungkulan; sa

YAMANG, gusto ng Konseho ng Lunsod ng Milpitas na magmungkahi ng isang ordinansa/panukalan (ang “Panukala”) na magsususog sa Kabanata 400 ng Titulo 1 ng Kodigong Munisipal ng Milpitas upang susugan ang mga limitasyon sa termino ng Alkalde at Konseho ng Lunsod gaya ng mga sumusunod, na magkakabisa simula sa Pangkalahatang Halalang Munisipal sa Nobyembre 8, 2022:

- Sampung magkakasunod na taon ng pinagsamang serbisyo sa panunungkulan sa kabuuan, bilang Alkalde o Miyembro ng Konseho. Kung maaabot ng inihalal na opisyal ang kanyang sampung taong limitasyon sa panunungkulan, hindi siya maaaring maglingkod sa katungkulan na iyon sa loob ng "panahon ng pahinga" na hindi bababa sa dalawang taon at pagkatapos ay maaari siyang maglingkod muli sa inihahalal na katungkulan (bilang Alkalde o Miyembro ng Konseho) sa loob ng bagong panahon ng mga limitasyon sa termino); at

- Sa kabila ng nasa itaas, hindi maaaring maglingkod ang isang tao nang higit sa anim na taon sa kabuuan bilang Alkalde (tatlong termino ng panunungkulan) sa loob ng sampung magkakasunod na taon na pinagsamang limitasyon. Kung ang Alkalde ay umabot sa anim na taong limitasyon sa termino, magagawa niyang (i) tumakbo para sa isang termino ng panunungkulan bilang Miyembro ng Konseho, sa kundisyon na ang Alkalde ay may apat na taon na natitira sa loob ng kanyang kaukulang sampung magkakasunod na taon na pinagsamang limitasyon sa termino; o (ii) piliin na huwag maglingkod sa inihahalal na katungkulan sa loob ng "panahon ng pahinga" na hindi bababa sa dalawang taon, pagkatapos nito ay maaari siyang maglingkod muli sa inihahalal na katungkulan (bilang Alkalde o Miyembro ng Konseho) sa loob ng bagong panahon ng mga limitasyon sa termino; at

YAMANG, ipinag-aatas ng Seksyon 36502(b) ng Kodigo ng Pamahalaan ng California ang isang lokal na ordinansa/panukala sa mga limitasyon sa termino na isusumite at aaprubahan ng mayorya ng mga botante na boboto sa isang "regular na nakaiskedyul na halalan"; at

YAMANG, ang susunod na "regular na nakaiskedyul na halalan" ay ang Pangkalahatang Halalang Munisipal na gaganapin sa parehong petsa ng Pangkalahatang Halalan sa Buong Estado - Nobyembre 8, 2022; at

YAMANG, alinsunod sa Seksyon 9222 ng Kodigo ng mga Halalan ng California, pinapahintulutan ang Konseho ng Lunsod na isumite ang Panukala sa mga botante; at

YAMANG, ipinag-aatas ng seksyon 36502(b) ng Kodigo ng Pamahalaan ng California ang isang isang lokal na ordinansa/panukala sa mga limitasyon sa termino upang maging "inaasahan"; at

YAMANG, ang Panukala ay ibinalangkas upang maging "inaasahan" at maglilimita lang sa mga termino para sa Alkalde o Miyembro ng Konseho simula sa Pangkalahatang Halalang Munisipal sa Nobyembre 8, 2022; at

YAMANG, gusto ng Konseho ng Lunsod na pagsamahin ang Pangkalahatang Halalang Munisipal para sa Panukalang inilalarawan dito at ang Pangkalahatang Halalan sa Buong Estado na gaganapin sa Nobyembre 8, 2022; at

YAMANG, alinsunod sa seksyon 9285 at 9286 ng Kodigo ng mga Halalan ng California, gusto pang magtatag ng Konseho ng Lunsod ng mga panuntunan at regulasyon para sa paghahanda, pagsusumite, at paglilimbag ng mga argumento at sagot para sa at laban sa Panukalang inilalarawan dito; at

YAMANG, ang mga partikular na tuntunin ng Panukala ay nakalakip dito bilang Eksibit "A" at sa pamamagitan ng sanggunian na ito ay ginawang ipinapatupad na bahagi nito, at alinsunod sa lahat ng naaangkop na batas.

NGAYON, SAMAKATUWID, NILULUTAS, IDINEDEKLARA, AT IPINAG-UUTOS NG KONSEHO NG LUNSOD NG LUNSOD NG MILPITAS, CALIFORNIA, ANG MGA SUMUSUNOD:

SEKSYON 1. Mga Salaysay. Sa pamamagitan nito, napag-alaman at natukoy ng Konseho ng Lunsod ng Lunsod na ang mga nauunang salaysay ay totoo at tama, ay isinama dito at sa pamamagitan ng sanggunian na ito ay ginawang ipinapatupad na bahagi nito.

SEKSYON 2. Pagsusumite ng Panukala sa Balota. Ang Konseho ng Lunsod ng Lunsod, alinsunod sa karapatan at awtoridad nito tulad ng nilalaman sa seksyon 9222 ng Kodigo ng mga Halalan ng California, seksyon 36502(b) ng Kodigo ng mga Halalan ng California, at anupamang batas na naaangkop sa mga lunsod na may pangkalahatang batas, sa pamamagitan nito ay nag-uutos na isumite ang Panukala sa mga karapat-dapat na botante ng Lunsod sa Pangkalahatang Halalang Munisipal na gaganapin at isasama sa Pangkalahatang Halalan sa Buong Estado sa Martes, Nobyembre 8, 2022. Ang iminumungkahing Panukala ay dapat nasa form na nakalakip dito bilang Eksibit "A" sa Resolusyong ito at isinasama ng sangguniang ito na parang ganap na nakasaad dito.

SEKSYON 3. Tanong sa Balota. Sa pamamagitan nito, iniuutos ng Konseho ng Lunsod, alinsunod sa karapatan at awtoridad nito, na ang tanong sa balota para sa Panukala ay ipakita at ilimbag sa balota na isusumite sa mga karapat-dapat na botante sa paraan at anyong nakatakda sa Seksyon 3 na ito. Sa balota na isusumite sa mga karapat-dapat na botante sa Pangkalahatang Halalang Munisipal na isasama sa Pangkalahatang Halalan sa Buong Estado sa Martes, Nobyembre 8, 2022, bilang karagdagan sa anupamang bagay na iniaatas ng batas, dapat nakalimbag nang mabuti ang sumusunod na tanong:

"Dapat bang pagtibayin ang isang ordinansa na magsususog sa Kodigong Munisipal ng Milpitas upang paikliin ang mga limitasyon sa termino ng miyembro ng konseho sa pamamagitan ng pagtatatag para sa parehong mga miyembro ng konseho at alkalde, na magkakabisa sa Pangkalahatang Halalang Munisipal sa Nobyembre 8, 2022, ng sampung magkakasunod na taon na limitasyon sa pinagsamang serbisyo ng Alkalde at Miyembro ng Konseho ng Lunsod, na may anim na taong limitasyon sa serbisyo ng Alkalde, na sinusundan ng dalawang taong panahon ng "pahinga", kung saan hindi maaaring maglingkod ang isang tao bilang Alkalde o Miyembro ng Konseho?"	**OO**	
	HINDI	

SEKSYON 4. **Mga Pamamaraan sa Halalan.**

A. Ang Konseho ng Lunsod ay sumasang-ayon sa pagsasama ng halalan sa Panukala na ito at lahat ng iba pang halalan na gaganapin sa parehong teritoryo sa Nobyembre 8, 2022, at sa pangangasiwa at pagsasagawa ng pinagsamang halalan sa paraang nakatakda sa Seksyon 10418 ng Kodigo ng Halalan.

B. Ang mga balota na gagamitin sa halalan ay dapat nasa anyo at nilalaman gaya ng ipinag-aatas ng batas.

C. Alinsunod sa Seksyon 10403 ng Kodigo ng Halalan, hinihiling sa pamamagitan nito na payagan ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara ang pagsasama ng halalan sa Panukala na ito at Pangkalahatang Halalan sa Buong Estado, at lahat ng iba pang halalan na gaganapin sa parehong teritoryo sa Nobyembre 8, 2022, at ang pagbibigay ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng mga naturang serbisyo sa halalan sa Lunsod ng Milpitas na maaaring hilingin ng Klerk ng Lunsod ng naturang Lunsod, mababayaran nang buo ang County ng Santa Clara na para sa mga serbisyong ginawa.

D. Kasama sa mga serbisyo sa halalan na hinihiling ng Lunsod ng Milpitas sa Tagapagrehistro ng mga Botante, o iba pang opisyal na maaaring naaangkop, na isagawa at kung saan ang naturang opisyal ay pinahintulutan at inatasang gawin sa pamamagitan nito, kung pumayag ang nasabing Lupon ng mga Superbisor, ang: paghahanda, paglilimbag, at pagpapadala ng mga halimbawang balota at patnubay; pagtatatag o pagtatalaga ng mga presinto, sentro ng pagboto, at opisyal ng halalan, at paggawa ng mga publikasyong ipinag-aatas ng batas kaugnay nito; pagbibigay ng mga balota, booth ng pagboto, at iba pang kinakailangang supply o materyales para sa mga sentro ng pagboto; pagbibilang ng mga resibo ng halalan at pagbibigay ng mga resulta ng naturang pagbibilang sa Klerk ng Lunsod ng Milpitas; at pagsasagawa ng iba pang serbisyo sa halalan na maaaring hilingin ng Klerk ng Lunsod.

E. Ang Klerk ng Lunsod ay pinapahintulutan, inuutusan, at inaatasang kumuha at magbigay ng anuman at lahat ng opisyal na balota, abiso, nakalimbag na bagay, at lahat ng supply, kagamitan, at parapernalya na maaaring kinakailangan upang maayos at legal na maisagawa ang halalan.

F. Ang mga presinto, lokasyon ng drop box ng balota, at oras ng pagpapatakbo, lokasyon ng sentro ng pagboto, at oras ng pagpapatakbo, pamamaraan at oras ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, at opisyal ng halalan, at lahat ng iba pang tao at pamamaraan para sa Pangkalahatang Halalang Munisipal ay kapareho ng mga ginamit ng County ng Santa Clara; at

G. Sa lahat ng detalyeng hindi isinasalaysay sa Resolusyong ito, papangasiwaan at isasagawa ang halalan gaya ng nakasaad sa batas para sa pangangasiwa ng mga halalang munisipal sa Lunsod.

H. Ibinibigay ang isang paunawa tungkol sa oras at lugar ng halalan at ang Klerk ng Lunsod ay pinapahintulutan, inuutusan, at inaatasan na magbigay ng iba pa o karagdagang paunawa tungkol sa halalan, oras, anyo, at paraan na ipinag-aatas ng batas.

I. Ang lahat ng mga balota ay dapat mabilang sa isang sentral na lugar ng pagbibilang at hindi sa mga presinto. Ang naturang sentral na lugar ng pagbibilang ay dapat nasa isang sentro ng County gaya ng nakatalaga sa Tagapagrehistro ng mga Botante.

J. Sa pamamagitan nito, ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara ay pinapahintulutan na bilangin ang mga resibo ng naturang halalan.

K. Dapat matanggap ng Klerk ng Lunsod ng Milpitas ang pagbibilang dahil nauugnay ito sa halalan para sa Panukala, at dapat nitong mapatunayan ang mga resulta sa Konseho ng Lunsod, ayon sa ipinag-aatas ng batas.

SEKSYON 5. **Mga Argumento at Pagsusuri.**

A. Pinapahintulutan ng Konseho ng Lunsod ang (i) Konseho ng Lunsod o sinumang (mga) miyembro ng Konseho ng Lunsod, (ii) sinumang indibidwal na botante na karapat-dapat na bumoto sa panukala sa itaas, (iii) isang bona fide na asosasyon ng mga naturang mamamayan o (iv) anumang kumbinasyon ng mga botante at asosasyon, na maghain ng nakasulat na argumento na pabor sa o laban sa panukala ng Lunsod, alinsunod sa Artikulo 4, Kabanata 3, Dibisyon 9 ng Kodigo ng mga Halalan ng Estado ng California at maaaring baguhin ang argumento hanggang sa at kabilang ang **Agosto 16, 2022** kung

kailan walang argumento para sa o laban sa panukala ang maaaring isumite sa Klerk ng Lunsod. Hindi dapat lumampas sa 300 salita ang haba ng mga argumentong pabor sa o laban sa panukala. Ang bawat argumento ay dapat ihain sa Klerk ng Lunsod, nilagdaan, at may (mga) naka-print na pangalan at (mga) lagda ng (mga) may-akda na magsusumite nito, o kung isusumite sa ngalan ng isang organisasyon, ang pangalan ng organisasyon, at ang naka-print na pangalan at lagda ng kahit isa sa mga punong opisyal nito na siyang may-akda ng argumento.

B. Ang Klerk ng Lunsod ay dapat sumunod sa lahat ng tadhana ng batas na nagtatatag ng priyoridad ng mga argumento para sa paglilimbag at pamamahagi sa mga botante, at dapat gawin ang lahat ng kinakailangang aksyon upang magdulot na mailimbag at maipamahagi ang mga napiling argumento sa mga botante.

C. Alinsunod sa Seksyon 9280 ng Kodigo ng mga Halalan ng California, inaatasan ng Konseho ng Lunsod ang Klerk ng Lunsod na magpasa ng kopya ng panukala sa Abugado ng Lunsod. Ang Abugado ng Lunsod ay dapat maghanda ng walang pinapanigang pagsusuri ng panukala, na hindi lalampas sa 500 salita ang haba, na nagpapakita ng epekto ng panukala sa umiiral na batas at pagpapatakbo ng panukala. Ang Abugado ng Lunsod ay dapat magpadala ng naturang walang pinapanigang pagsusuri sa Klerk ng Lunsod, na magdudulot na mailathala ang pagsusuri sa librita ng balota kasama ng panukala sa balota gaya ng ipinagkakaloob ng batas. Ang Walang Pinapanigang Pagsusuri ay dapat ihain sa deadline na itinakda para sa paghahain ng mga pangunahing argumento gaya ng nakatakda sa subseksyon (A) sa itaas. Ang walang pinapanigang pagsusuri ay dapat may isang pahayag na nagsasaad kung ang panukala ay inilagay sa balota sa pamamagitan ng isang petisyon na nilagdaan ng kinakailangang bilang ng mga botante ng Konseho ng Lunsod. Kung sakaling ang buong teksto ng panukala ay hindi nakalimbag sa balota, o sa bahagi ng impormasyon para sa botante ng halimbawang balota, dapat ilimbag kaagad sa ibaba ng walang pinapanigang pagsusuri, sa hindi bababa sa 10-font bold type, ang mga sumusunod: **“Ang pahayag sa itaas ay ang walang pinapanigang pagsusuri sa Ordinansa o Panukala ____. Kung gusto ninyo ng kopya ng ordinansa o panukala, mangyaring tawagan ang opisina ng opisyal ng halalan sa (insert phone number), at padadalhan kayo ng kopya sa koreo nang walang bayad.”**

SEKSYON 6. Mga Sagot.

A. Alinsunod sa Seksyon 9285 ng Kodigo ng mga Halalan ng Estado ng California, kapag pinili ng Clerk ang mga argumento para sa at laban sa iba't ibang hakbang na sinimulan ng Lunsod na ililimbag at ipapamahagi sa mga botante, ang Clerk ay magpapadala ng mga kopya ng argumento na pabor sa mga panukala sa mga may-akda ng argumentong laban, at mga kopya ng argumentong laban sa mga may-akda ng argumentong pabor. Ang mga may-akda o taong itinalaga nila ay maaaring maghanda at magsumite ng mga sagot

na argumento na hindi hihigit sa 250 salita. Ang mga sagot na argumento ay dapat ihain sa Klerk ng Lunsod nang hindi lalampas sa **Agosto 23, 2022.** Ang mga sagot na argumento ay dapat ilimbag sa parehong paraan gaya ng mga direktang argumento. Ang bawat sagot na argumento ay dapat agad na sumunod sa direktang argumento na gusto nitong sagutin.

B. Ang lahat ng nakaraang resolusyon na nagbibigay-daan para sa paghahain ng mga sagot na argumento para sa mga panukala ng Lunsod ay ipinawalang-bisa.

C. Ang mga tadhana rito ay dapat lang ilapat sa halalan na gaganapin sa Nobyembre 8, 2022, at pagkatapos ay ipapawalang-bisa.

SEKSYON 7. Paglalagay sa Balota. Ang kumpletong teksto ng Panukala ay hindi ililimbag sa librita para sa botante, at ililimbag ang isang pahayag sa balota alinsunod sa Seksyon 9223 ng Kodigo ng mga Halalan na nagpapayo sa mga botante na maaari silang makakuha ng kopya ng Panukalang ito, nang walang babayaran, kung hihilingin sa Klerk ng Lunsod.

SEKSYON 8. Paghahatid ng Resolusyon sa County. Ang Klerk ng Lunsod ang magpapatunay sa pagpasa at pagpapatibay ng Resolusyong ito at maglalagay nito sa aklat ng mga orihinal na resolusyon. Ang Konseho ng Lunsod ang mag-uutos sa Klerk ng Lunsod na maghatid ng mga kopya ng Resolusyong ito, kasama ang Panukala na nakalakip dito bilang Eksibit "A", sa Klerk ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara at sa Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara.

SEKSYON 9. CEQA. Sa pamamagitan nito, napag-alaman at tinukoy ng Konseho ng Lunsod na ang Panukala sa balota ay nauugnay sa mga pang-organisasyon o pang-administrasyong aktibidad ng mga pamahalaan na hindi magreresulta sa mga tuwiran o di-tuwirang pagbabago sa kapaligiran, at hindi isang proyektong nakabatay sa kahulugan ng Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California (California Environmental Quality Act, "CEQA") at ng Mga Alituntunin ng CEQA ng Estado, seksyon 15378(b)(5).

SEKSYON 10. Kakayahang Ihiwalay. Kung ang anumang tadhana ng Resolusyong ito o paglalapat nito sa sinumang tao o anumang sitwasyon ay ituturing na walang-bisa, at ang kawalan ng bisa na ito ay hindi makakaapekto sa ibang mga tadhana o paglalapat ng Resolusyon na maaaring ipatupad nang wala ang walang bisang tadhana o paglalapat, ipapahayag na maaaring alisin ang mga tadhana ng Resolusyong ito. Sa pamamagitan nito, idinedeklara ng Konseho ng Lunsod na pagtitibayin dapat nito ang Resolusyong ito nang hindi alintana ang kawalan ng bisa ng anumang partikular na bahagi nito.

SEKSYON 11. Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa ng Resolusyon. Ang Resolusyong ito ay dapat magkabisa kaagad kapag pinagtibay.

IPINASA, INAPRUBAHAN, AT PINAGTIBAY ng Konseho ng Lunsod ng Lunsod ng Milpitas, California, sa regular na pulong na ginanap noong ika-21 araw ng Hunyo, 2022.

_____
RICH TRAN
ALKALDE

SA PAMAMAGITAN NITO, PINAPATUNAYAN KO na ang nauunang Resolusyon ay nararapat na pinagtibay sa isang regular na pulong ng naturang Konseho ng Lunsod noong ika-21 araw ng Hunyo, 2022, sa pamamagitan ng sumusunod na boto:

MGA OO:	(5) Alkalde Tran, Bise Alkalde Montano, Mga Miyembro ng Konsesho Chua, Dominguez, at Phan
MGA HINDI:	(0) Wala
LIBAN:	(0) Wala
WALANG PASYA:	(0) Wala

PATUNAY:

_____
Wendy Wood
KLERK NG LUNSOD

INAPRUBAHAN SA FORM:

_____
Michael Mutalipassi
ABUGADO NG LUNSOD

EKSIBIT "A"

ORDINANSA BLG. ____

ISANG ORDINANSA NG MGA TAO SA LUNSOD NG MILPITAS, CALIFORNIA, NA MAGSUSUSOG SA KABANATA 400 (MGA LIMITASYON SA TERMINO NG ALKALDE AT MIYEMBRO NG KONSEHO) NG TITULO 1 (PANGANGASIWA) NG KODIGONG MUNISIPAL NG MILPITAS UPANG SUSUGAN ANG MGA LIMITASYON SA TERMINO NG SERBISYO NG ALKALDE AT MIYEMBRO NG KONSEHO NG LUNSOD

NGAYON SAMAKATUWID, ITINATAKDA NG MGA MAMAMAYAN NG LUNSOD NG MILPITAS ANG MGA SUMUSUNOD:

SEKSYON 1. Napapailalim sa pag-apruba ng mayorya ng mga botante ng Lunsod ng Milpitas sa nakaiskedyul na halalang itinakda ng Konseho ng Lunsod sa isang resolusyon na naglalagay ng mungkahi sa balota para sa naturang halalan, sinususugan sa pamamagitan nito ang Kabanata 400 ng Titulo 1 ng Kodigong Munisipal ng Milpitas na isasaad ang sumusunod:

"Kabanata 400 – MGA LIMITASYON SA TERMINO NG ALKALDE AT MIYEMBRO NG KONSEHO.

Mga Seksyon:

~~Seksyon 1 – Mga Limitasyon sa Termino~~

I-400-1 - Mga Limitasyon sa Termino

A. Ang isang tao ay maaaring maglingkod nang ***pinagsamang*** maximum na ~~tatlo~~ ***sampung*** magkakasunod na ***taon ng*** termino sa panunungkulan ***ng serbisyo*** bilang Miyembro ng Konseho ng Lunsod o bilang Alkalde.

B. Bukod pa rito, ang isang tao ay maaari lang maglingkod nang anim na taon (tatlong termino ng panunungkulan) ng serbisyo sa kabuuan bilang Alkalde sa loob ng pinagsamang maximum na sampung magkakasunod na taong limitasyon sa termino na nakasaad sa subseksyon (A). ~~Gayunpaman, kung ang isang Miyembro ng Konseho ay inihalal na Alkalde o ang Alkalde ay inihalal na Miyembro ng Konseho, ang taong iyon ay maaaring maglingkod sa pinagsama-samang apat na magkakasunod na termino ng panunungkulan sa kabuuan.~~

C. ~~Sa anumang halalang munisipal matapos ang dalawang taong kasunod ng naturang~~ ***Kapag naabot na ng isang tao ang pinagsamang*** magkakasunod na limitasyon sa termino ng panunungkulan ***na nakasaad sa subseksyon (A)***, ~~naturang~~ ***ang*** dating Miyembro ng Konseho o Alkalde ay ***hindi*** maaaring muling ~~maghangad~~ ***maihalal*** ~~ion~~***o maitalaga*** upang ***maglingkod sa*** Konseho ng Lunsod o bilang Alkalde

hanggang sa matapos ang dalawang taon kasunod ng pagtatapos ng serbisyo sa panununungkulan ng opisyal.

D. Kung maaabot ng isang tao ag limitasyon sa termino ng Alkalde sa subseksyon (B) ngunit may apat na available na taon ng serbisyo na natitira sa ilalim ng pinagsamang limitasyon sa termino na nakasaad sa subseksyon (A), ang dating Alkalde ay hindi maaaring muling maihalal o maitalaga upang maglingkod bilang Alkalde ngunit ang dating Alkalde ay maaaring maglingkod bilang Miyembro ng Konseho ng Lunsod sa loob ng isang termino ng panununungkulan (apat na taon) at pagkatapos ay hindi maaaring maglingkod sa Konseho ng Lunsod o bilang Alkalde hanggang sa matapos ang dalawang taon kasunod ng pagtatapos ng sebisyo sa panununungkulan ng opisyal gaya ng nakatakda sa subseksyon (C).

E. Kung maaabot ng isang tao ang limitasyon sa termino ng Alkalde sa subseksyon (B) ngimot mayroon lang dalawang available na taon ng serbisyo na natitira sa ilalim ng pinagsamang limitasyon sa termino na nakasaad sa subseksyon (A), ang dating Alkalde ay hindi maaaring muling maihalal o maitalaga upang maglingkod bilang Alkalde o bilang Miyembro ng Konseho hanggang sa matapos ang dalawang taon kasunod ng serbisyo ng dating Alkalde. Pagkatapos nito, ang taong iyon ay maaaring maglingkod bilang Alkalde o isang Miyembro ng Konseho alinsunod sa subseksyon (C).

F. Kung maglilingkod ang isang tao sa loob ng pinagsamang walong magkakasunod na taon sa kabuuan (dalawang magkasunod na termino ng panununungkulan) bilang Miyembro ng Konseho, ang Miyembro ng Konseho ay hindi maaaring muling maihalal o maitalaga upang maglingkod bilang Miyembro ng Konseho, ngunit ang dating Miyembro ng Konseho ay maaaring maglingkod sa loob ng dalawang magkasunod na taon (isang kasunod na termino ng panununungkulan) bilang Alkalde hanggang sa matapos ang dalawang taon kasunod ng pagtatapos ng serbisyo sa panununungkulan ng opisyal gaya ng nakasaad sa subseksyon (C).

I-400-2 - Pagiging Nalalapat sa Mga Hindi Ganap na Termino

Para sa mga layunin ng paglalapat ng Kabanatang ito, ang isang taong maglilingkod ~~sa~~nang ***kalahati o higit pa*** sa termino ng ***panununungkulan*** bilang ***Miyembro ng Konseho*** o Alkalde ay ituturing na naglingkod sa buong termino ng ***panununungkulan (lahat ng taon) nang kasunod ng susunod na nakaiskedyul na termino ng panununungkulan, kahit na may aktwal na panahon ng pahinga sa serbisyo ng panununungkulan***. Kung sakaling ang isang tao ay maihalal na Alkalde sa panahon ng kanyang panununungkulan bilang Miyembro ng Konseho, siya ay ituturing na nagsilbi sa buong termino ng Konseho para sa layunin ng paglalapat ng Kabanatang ito.

I-400-3 – Kahulugan ng "Termino ng panununungkulan"

A. Ang "Termino ng panununungkulan" ay mangangahulugang:

(1) Isang buong termino ng serbisyo (apat na taon para sa mga Miyembro ng Konseho at dalawang taon para sa Alkalde) kung saan hinirang ang isang tao, kabilang ang bilang write-in na kandidato, at kung saan inihalal siya sa katungkulan sa anumang Pangkalahatang Halalang Munisipal, na magaganap sa o pagkatapos ng Nobyembre 8, 2022; o

(2) Isang buong termino ng serbisyo (apat na taon para sa mga Miyembro ng Konseho at dalawang taon para sa Alkalde) kung saan ang isang tao ay itinalaga ng Konseho ng Lunsod bilang kapalit sa Pangkalahatang Halalang Munisipal, alinsunod sa Seksyon 10229 ng Kodigo ng mga Halalan ng California o katulad na batas, na magaganap sa o pagkatapos ng Nobyembre 8, 2022

B. Ang "Termino ng Panunungkulan" ay hindi nangangahulugang anumang hindi ganap na termino kung saan ang isang tao ay espesyal na inihalal o itinalaga sa katungkulan ng Alkalde o Miyembro ng Konseho alinsunod sa isang halalan para sa pagpapaalis sa katungkulan o upang punan ang isang mid-term na bakante, alinsunod sa batas ng Estado.

C. Mga Espesyal na Panuntunan sa Transisyon. Sa kabila ng nabanggit, kung, simula sa Pangkalahatang Halalang Munisipal sa Nobyembre 8, 2022:

(1) ang isang tao ay nakapaglingkod na nang anim na magkakasunod na taon (tatlong termino ng panunungkulan) bilang Alkalde kung saan siya ay inihalal o itinalaga bilang kapalit sa isang halalan noong Taon 2016, 2018, at 2020, ang taong iyon ay hindi na maaaring maglingkod sa anupamang magkakasunod na termino bilang Alkalde ngunit maaaring magsilbi nang isang kasunod na termino bilang Miyembro ng Konseho sa Taon 2022. Kung ihahalal o itatalaga sa katungkulan ng Miyembro ng Konseho sa Taon 2022, ang taong iyon ay maaaring maglingkod sa isang termino bilang Miyembro ng Konseho at pagkatapos nito ay hindi maaaring maglingkod bilang Alkalde o bilang Miyembro ng Konseho hanggang sa matapos ang dalawang taon kasunod ng nasabing magkakasunod na termino, gaya ng nakabalangkas sa itaas. Ang naturang tao ay hindi rin maaaring magbitiw bilang Miyembro ng Konseho at maglingkod bilang Alkalde simula sa Taon 2024.

(2) ang isang tao ay nakapaglingkod na nang walong magkakasunod na taon bilang Miyembro ng Konseho kung saan siya ay inihalal o itinalaga bilang kapalit sa isang halalan noong Taon 2016, 2018, at 2020, ang taong iyon ay hindi na maaaring maglingkod sa anupamang magkakasunod na termino bilang Miyembro ng Konseho ngunit maaaring maglingkod sa isang kasunod na termino bilang Alkalde sa Taon 2024. Kung ihahalal o itatalaga sa katungkulan ng Alkalde sa Taon 2024, ang taong iyon ay maaaring maglingkod sa isang termino bilang Alkalde at pagkatapos nito ay hindi na maaaring magsilbi bilang Alkalde o bilang Miyembro ng Konseho hanggang sa matapos ang dalawang taon kasunod ng naturang magkakasunod na termino ng panunungkulan, gaya ng nakabalangkas sa itaas. Kung

maglilingkod ang isang tao nang anim na magkakasunod na taon bilang Miyembro ng Konseho kung saan siya ay inihalal o itinalaga bilang kapalit sa isang halalan noong Taon 2016 at 2020, at inihalal o itinalaga bilang Alkalde bilang kapalit sa isang halalan sa Taon 2022, ang taong iyon ay hindi maaaring maglingkod sa anupamang magkakasunod na termino bilang Miyembro ng Konseho ngunit maaaring magsilbi sa termino bilang Alkalde simula sa Taon 2022 at pagkatapos noon ay maaaring magsilbi sa isang karagdagang kasunod na termino ng panunungkulan bilang Alkalde simula sa Taon 2024. Pagkatapos ng naturang serbisyo, ang taong iyon ay hindi maaaring maglingkod bilang Alkalde o bilanga Miyembro ng Konseho hanggang sa matapos ang dalawang taon kasunod ng naturang magkakasunod na termino ng panunungkulan, gaya ng nakabalangkas sa itaas.

(3) ang isang tao ay nakapaglingkod na sa isang termino bilang Miyembro ng Konseho kung saan siya ay inihalal o itinalaga bilang kapalit sa isang halalan noong Taon 2018, ang taong iyon ay hindi na maaaring maglingkod sa anupamang magkakasunod na termino bilang Miyembro ng Konseho simula sa Taon 2022, at maaaring maglingkod sa isang kasunod na termino bilang Alkalde sa Taon 2026. Pagkatapos nito, ang taong ito ay hindi maaaring maglingkod bilang Alkalde o bilang Miyembro ng Konseho hanggang sa matapos ang dalawang taon kasunod ng naturang magkakasunod na termino ng panunungkulan, gaya ng nakabalangkas sa itaas. Kung ang isang tao ay nakapaglingkod na sa isang termino bilang Miyembro ng Konseho kung saan siya ay inihalal o itinalaga bilang kapalit sa isang halalan noong Taon 2018, ang taong iyon ay maaaring maglingkod sa isang kasunod na termino bilang Alkalde simula sa Taon 2022, at pagkatapos ay maaaring maglingkod nang dalawa pang magkasunod na termino bilang Alkalde simula sa Taon 2024 at 2026 o isa pang kasunod na termino bilang Miyembro ng Konseho simula sa Taon 2024. Pagkatapos nito, ang taong ito ay hindi maaaring maglingkod bilang Alkalde o bilang Miyembro ng Konseho hanggang sa matapos ang dalawang taon kasunod ng naturang magkakasunod na termino ng panunungkulan, gaya ng nakabalangkas sa itaas.

(4) ang isang tao ay nakapaglingkod na sa isang termino bilang Miyembro ng Konseho kung saan siya ay inihalal o itinalaga bilang kapalit sa isang halalan noong Taon 2020, ang taong iyon ay hindi na maaaring maglingkod sa isang karagdagang kasunod na termino bilang Miyembro ng Konseho simula sa Taon 2024, at pagkatapos nito ay maaaring maglingkod sa isang kasunod na termino bilang Alkalde sa Taon 2028. Pagkatapos nito, ang taong ito ay hindi maaaring maglingkod bilang Alkalde o bilang Miyembro ng Konseho hanggang sa matapos ang dalawang taon kasunod ng naturang magkakasunod na termino ng panunungkulan, gaya ng nakabalangkas sa itaas. Kung ang isang tao ay kasalukuyang naglilingkod sa isang termino bilang Miyembro ng Konseho kung saan siya ay inihalal o itinalaga bilang kapalit sa isang halalan noong Taon 2020, ang taong iyon ay maaaring

maglingkod sa isang kasunod na termino bilang Alkalde simula sa Taon 2024, at pagkatapos ay maaaring maglingkod nang dalawa pang magkasunod na termino bilang Alkalde simula sa Taon 2026 at 2028 o isa pang kasunod na termino bilang Miyembro ng Konseho simula sa Taon 2026. Pagkatapos nito, ang taong ito ay hindi maaaring maglingkod bilang Alkalde o bilang Miyembro ng Konseho hanggang sa matapos ang dalawang taon kasunod ng naturang magkakasunod na termino ng panunungkulan, gaya ng nakabalangkas sa itaas.

I-400-4 – Pagbabawal sa Serbisyo ng Panunungkulan Kapag Naabot na ang Limitasyon sa Termino

A. Ang Klerk ng Lunsod, o iba pang opisyal ng halalan na pinahintulutan ng batas, ay hindi dapat tumanggap o magberipika ng mga lagda sa anumang papel ng nominasyon para sa sinumang tao, kabilang ang anumang papel para sa layunin ng paghahangad ng halalan bilang isang write-in na kandidato, at hindi rin niya dapat patunayan o ilagay sa listahan ng mga sertipikadong kandidato, o ilimbag o magdulot na mailimbag sa anumang balota, ang patnubay na impormasyon para sa botante, halimbawang balota, o label ng balota, ang pangalan ng sinumang tao na ang kandidatura, kung matagumpay, ay magreresulta sa isang bagong termino ng panunungkulan ng bagong Alkalde o Miyembro ng Konseso ng Lunsod na lampas sa mga limitasyong nakatakda rito.

B. Sa kabila ng seksyon I-400-3(B) sa itaas, walang taong may serbisyo ng panunungkulan na umabot na sa naaangkop na limitasyon sa termino na nakatakda rito ang maaaring italaga upang maglingkod bilang Alkalde o bilang Miyembro ng Konseho, kung ang naturang pagtatalaga ay bilang kapalit sa Pangkalahatang Halalang Munisipal, alinsunod sa Seksyon 10229 ng Kodigo ng mga Halalan ng California, o upang punan ang isang bakante sa katungkulan ng Alkalde o Miyembro ng Konseho alinsunod sa batas ng Estado.

C. Sa kabila ng seksyon I-400-3(B) sa itaas, walang taong may serbisyo ng panunungkulan na umabot na sa naaangkop na limitasyon sa termino na nakatakda rito ang maaaring tumakbo para sa espesyal na halalan upang punan ang isang pagpapaalis sa katungkulan o bakante sa katungkulan ng Alkalde o isang Miyembro ng Konseho alinsunod sa batas ng Estado.

I-400-~~3~~***5*** - Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa

Alinsunod sa Kodigo ng Halalan 9217, ang Ordinansang isinabatas sa Kabanatang ito ay magkakaroon ng bisa sa~~Mayo 17, 1996~~ ***Disyembre _____, 2022***, na sampung araw matapos ideklara ng Konseho ng Lunsod ang resulta ng Halalan."

SEKSYON 2. Kung ang anumang bahagi ng Ordinansang ito ay idedeklarang walang bisa ng isang hukuman ng batas o iba pang katawan ng batas na may naaangkop na awtoridad, hindi maaapektuhan o mapipigilan ng kawalan ng bisa ang pagpapatupad at epekto ng anupamang tadhana o paglalapat ng Ordinansa na hindi idineklarang

walang bisa. Idinedeklara ng mga botante ng Lunsod na ipinalaganap nila ang pagiging nararapat ng Seksyong ito at/o bumoto sila sa pagpapatibay ng Seksyong ito, at ng bawat bahagi nito, maideklara mang walang bisa ang anumang bahagi ng inisyatibo pagkatapos.

SEKSYON 3. Sa hangganang pinapahintulutan ng batas, ang mga probisyon ng Ordinansang ito ay mananaig sa, at hahalili, sa lahat ng iba pang tadhana Kodigong Munisipal at anupamang ordinansa, resolusyon, o patakarang pang-administratibo ng Lunsod ng Milpitas na sumasalungat sa anumang tadhana ng Ordinansang ito

SEKSYON 4. Ang Seksyong ito ay hindi mapapawalang-bisa o masususugan, maliban na lang sa pamamagitan ng isang panukalang naaprubahan ng mayoriya ng mga manghahalal na bumoboto sa isyu sa Pangkalahatang Halalang Munisipal, o sa isang espesyal na halalang itinawag para sa layuning iyon.

SEKSYON 5. Magkakabisa lang ang Ordinansang ito kung aaprubahan ito ng mayoriya ng mga karapat-dapat na botante ng Lunsod ng Los Milpitas na bumoboto sa isang Pangkalahatang Halalang Munisipal na gaganapin sa Nobyembre 08, 2022, at magkakabisa ito sampung (10) araw pagkatapos mapatotohanan ng Konseho ng Lunsod ang mga resulta ng Pangkalahatang Halalang Munisipal sa pamamagitan ng resolusyon.

SEKSYON 6. Sa pamamagitan nito, inaawtorisa ang Alkalde na patunayan ang pagpapatibay sa Ordinansang ito sa pamamagitan ng pagboto ng Sambayanan dito sa Nobyembre 08, 2022, sa pamamagitan ng paglagda sa lugar na tinutukoy sa ibaba.

Sa pamamagitan nito, pinapatunayan ko na ang nauunang Ordinansa ay NAIPASA, NAAPRUBAHAN, at NAPAGTIBAY ng mga Tao ng Lunsod ng Milpitas na boboto sa ika-8 araw ng Nobyembre, 2022.

_____

RICH TRAN
ALKALDE